タガログ語

# Consultation Counter para sa Matatanda at kanilang Pamilya

## <Gamitin ang Regional Comprehensive Support Center gayundin ang Regional Support Center para sa mga matatanda>

◆Regional Comprehensive Support Center

Q: Ano ang lugar na ito?

A: Isang instisusyong itinakda ng Batas para sa pangmatagalang pangangalaga na nagpapabuti ng kalusugan,seguro, kapakanan, at pangangalagang medikal para sa mga matatanda. Pumipigil sa pang- aabuso at pag-iwas sa pangangalaga ,sa pakikipagtulungan ng kadalubhasan ng mga manggagawa para sa kalusugan ng publiko, mga mganggagawa sa lipunan at mga punong tagapamahala ng pangangalaga.

Q: Sino ang maaaring makagamit nito?

A: Tumatanggap ng mga konsultasyon para sa mga taong nasa edad 65 pataas gayun na rin ang mga miyembro ng pamilya, kaibigan at kapitbahay na nakatira sa lugar na namamahala sa Community Activities Support Center. Kung nais kumonsulta subalit hindi kasamang nakatira sa bahay ang matanda, makipag- ugnayan sa local na community support center sa lugar kung saan nakatira ang matanda.

Q:Ano ang nagagawa nito?

A（1）Magsagawa ng serbisyo sa pagpapaalaga at magtayo ng mga silid aralan.

Magsasagawa ng mga plano para sa serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga para sa mga taong tinutukoy at nangangailangan ng suporta upang makapamuhay ng maayos sa anumang oras. Bilang karagdagan sa serbisyo, magtatayo ng mga silid aralan tungkol sa pangangalaga.

（2）Sinusuportahan ang pag-iwas sa pinsala at pang- aabuso sa mga mamimili at mga matatanda

Upang maprotektahan ang mga karapatan ng mga matatanda, tutugunan ang pagpigil sa mga pinsala sa pagkonsumo at pang-aabuso sa mga matatanda. Makapagbigay ng suporta tulad ng pagpapakilala ng sistemang pangangalaga para sa mga nasa hustong gulang.

（3）Tumatanggap ng konsultasyon tungkol sa iba't ibang suliranin

Bilang karagdagan, hindi lamang tungkol sa pangmatagalang sistema sa seguro sa pangangalaga, ngunit tumatanggap rin kami ng malawak na hanay ng mga konsultasyon tungkol sa pang- araw- araw na buhay,.

（4）Palakasin ang ugnayan sa komunidad

Susuportahan at pinapayuhan ang mga tagapamahalang lokal na pangangalaga at bumuo ng mga network sa iba't- ibang institusyon.

- Handang makinig anuman ang inyong problema.
- Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na lokal na Comprehensive Support Center.

◆Regional Support Center for the Elderly

Q: Ano ang lugar na ito?

A: Tulad sa Regional Comprehensive Support Center, ito ay isang lugar para sa mga konsultasyon na komprehensibong sumusuporta sa mga matatanda mula sa iba't- ibang aspeto tulad ng pangmatagalang pangangalaga, seguro at kapakanan. Maaari itong gamitin ng mga nasa edad 65 pataas maging ng kanilang mga pamilya na nakatira sa lugar na namamahala ng suporta para sa mga matatanda sa komunidad, na nagbibigay ng konsiltasyon at pagbisita sa bahay.

Ang Lungsod ang pangunahing katawan sa pagpapatupad ng pagsasagawa ng suporta sa pakikipagtulungan ng Regional Comprehensive Support Center.

Q:Anong ang nagagawa nito?

A:（1） Nagbibigay ng serbisyo sa konsultasyon at sa iba pang center

Magpupunta sa *Chi-ku Machi-zukuri Center* o sa mga *Ko-kaido* na malapit sa inyong lugar para sa mga konsultasyon ng problema sa pag-aalaga, kalusugan, at kapakanan.

（2）Pagbisita sa mga tahanan.

Bibisita sa inyong mga tahanan upang malaman ang kundisyon ng kalusugan at upang matugunan ang nararapat na long term care insurance o welfare service. Magkakaroon ng regular na pagbisita kung kinakailangan upang lalong masubaybayan at masuportahan upang makapamuhay sa inyong tahanan ng payapa ang pag-iisip.

（3）Pagsuporta sa pamamagitan ng pakikapag- ugnayan sa iba pang institusyon

Paglahok sa mga local na pagpupulong, pagsasanay at mga kaganapan tulad ng Local Welfare Committee at Children's Committee upang lalo mapalalim ang mga ugnayan sa local na komunidad gayundin ang networking sa pakikipagtulungan sa ibang mga organisasyon.

（4）Magsasagawa ng Kurso o klase sa inyong lugar

Pagdaraos ng mga lektura o pag-aaral na may iba't- ibang nilalaman tulad ng tungkol sa pag-iwas o proteksiyon sa mga lumalaganap o nakakahawang sakit at gayundin ang tungkol sa pangmatagalang pangangalaga.

（5）Pagpapakilala ng nauugnay na organisasyon at pagtugon sa mga kailangang serbisyo

Pagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa Sistema sa seguro sa pangmatagalang pangangalaga at mga serbisyo sa seguro at kapakanan. Magsasagawa ng pamamaraan at aplikasyon para sa iba't ibang serbisyo para sa mga matatanda at kanilang mga pamilya.

● Kung may alalahanin sa araw araw na pamumuhay, huwag mag-atubiling kumunsulta.

● kumunsulta sa pinakamalapit na Regional Support Service Center for the elderly (kung walang malapit na Regional Support Service Center para sa Matanda, makipag-ugnayan sa Community General Support Center.)

Para sa ibang mga katanungan at impormasyon tungkol sa Regional Comprehensive Support Center at Regional Support Service Center para sa Matatanda

Elderly Support Division（*koureisha shien ka*）℡：　０５４５－５５－２９１６

Fax：　０５４５－５５－２９２０

E-mail：　koureishien@div.city.fuji.shizuoka.jp